タガログ語版

# Balita mula sa Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas ng Bagong Itatatag na Paaralan

**Huling Edisyon**

Inilathala Marso 12, 2021

**Matatapos na dito ang Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas ng Bagong Itatatag na Paaralan sa Futamuradai, Lungsod ng Toyoake.**
**Mula ngayon, ang Futamuradai Elementary School ang magpapatuloy ng mga pag-aaral upang magkaroon ang mga batang mag-aaral ng masayang buhay sa paaralan.**

Pinag-aralan ang tungkol sa lahat ng detalye tulad ng pangalan ng paaralan, simbolo ng paaralan, awit ng paaralan, sistema ng pagpasok sa paaralan, motto ng paaralan/hangaring pang-edukasyon, patakaran sa pamumuhay/plano ng taunang kaganapan, mga tuntunin/kaganapan ng PTA atbp., at napagpasyahan ang mga detalye, pamamalakad at iba pa.

Isinagawa noong Enero 14 ang ika-9 na pagpupulong ng Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas ng Bagong Itatatag na Paaralan sa Distrito ng Futamuradai, Lungsod ng Toyoake, at ihahatid sa inyo ang nilalaman noon.

## ◇ Ukol sa Motto ng Paaralan, Hangaring Pang-edukasyon, Patakaran sa Pamumuhay at Plano ng Taunang Kaganapan

◎ Motto ng Paaralan at Hangaring Pang-edukasyon...Tatalakayin ng prinsipal ng dalawang paaralan, aaprubahan ng pinuno ng edukasyon, at pagpapasyahan.
◎ Patakaran sa Pamumuhay at Plano ng Taunang Kaganapan...Tatalakayin sa dalawang paaralan at pagpapasyahan.

## ◇ Ukol sa Seremonya ng Pagsasara ng Paaralan at Seremonya ng Pagbubukas ng Paaralan


◎ Idaraos ang seremonya ng pagsasara ng Souhou Elementary School at Karatake Elementary School sa Marso bago isara ang mga paaralang ito.
◎ Idaraos naman sa Abril ang seremonya ng pagbubukas ng Futamuradai Elementary School.

## ◇ Ukol sa Kalagayan ng Konstruksyon ng Pag-aayos ng Gusali ng Paaralan

Halos natapos na ang konstruksyon para sa piskal na taong 2020, at kukuha ang mga bata ng klase sa bagong silid-aralan. Para maisagawa ang klaseng gumagamit ng tablet, nagkabit ng pinakabagong projector-type electronic blackboard sa ginawang pag-aayos. Pangunahin naman sa bakasyon sa tag-init ng taong 2021, isasagawa ang konstruksyon ng silid ng Arts and Crafts, silid-aklatan at iba pa.

**Larawan ng Klase ng Matematika**





## ◇ Ukol sa Aktibidad ng Pagbabantay sa Oras ng Pasukan at Uwian

Sa kasalukuyang distritong pampaaralan ng Karatake Elementary School pagkatapos ng pagbubukas ng Futamuradai Elementary School kung saan magbabago ang daan sa pagpasok sa paaralan, isinusulong ang kani-kanyang paghahanda ng PTA, pangkat ng mga tagabantay sa pamayanan, at Lupon ng Edukasyon, upang maisagawa ang aktibidad ng pagbabantay.

**Para sa mga Katanungan Dibisyon ng Edukasyon sa Paaralan, Toyoake City Hall TEL 0562-92-8316**